野田市のごみの出し方 資源の出し方

Siyudad ng Noda
Paraan sa pagtapon ng basura at mga bagay na maaaring i-recycle

ごみは毎日出るものです。ルールを守って豊かな環境をつくりましょう。
大切なルールブックです。見やすいところに置いてください。

Nagkakaroon tayo ng mga basura araw-araw. Kung kaya kailangang sundin natin ang mga patakaran upang bigyang-daan ang paglikha ng isang masaganang kapaligiran. Ang pamphlet na ito ay nagsisilbi bilang mahalagang gabay ukol sa mga patakarang dapat nating sundin. Pakitabi ito sa isang lugar na madaling makita at hanapin.

Pagsasalin sa wikang Tagalog
タガログ語版

ご協力をお願いします。

Inaasahan namin ang inyong suporta at kooperasyon.

★指定ごみ袋に、 氏名(フルネーム)を記入してください。
★ごみと資源の分別のご協力をお願いします。

★Pakisulat ang pangalan (buong pangalan) sa supot na itinakda ng siyudad.

★Inaasahan namin ang inyong suporta at kooperasyon sa pagbubukod ng basura at mga bagay na maaaring i-recycle.



★ごみの分別・収集日などがわかる、ごみ分別促進アプリ「さんあ～る」を配信しています。下記QRコードか各アプリストアで「さんあ～る」と検索してダウンロードができます。2頁をご確認の上、ぜひご利用ください。
※指定ごみ袋取扱店、ごみ減量協力店、粗大ごみ処理券取扱店なども検索できます！

★Ipinamamahagi ng siyudad ang paggamit ng "さんあ～る (3R)", na isang smartphone app para sa pagtaguyod sa pagbubukod ng basura, kung saan maaaring alamin ang paraan sa pagbubukod, araw ng pagkulekta ng basura, at iba pa. Hanapin ang keyword na "さんあ～る" sa bawat app store, o di kaya'y gamitin ang QR code sa ibaba para sa pag-download. Pakikumpirma ang pahina 1 para sa paggamit.

*** Maaari din na hanapin kung saan ang mga tindahang nagbebenta ng itinakdang supot para sa basura, mga tindahang kasapi ng kilusan sa pagbabawas ng basura, pati mga tindahang nagbebenta ng garbage disposal stickers para sa malalaking basura, at iba pa!**

【Para sa android】 【Para sa iPhone】 【app icon】

リサイクルマスコット ピークルくん▶
Recycle mascot na si Peecle kun

◀リサイクルマスコット パークルちゃん
Recycle mascot na si Parcle chan

収集日など(収集日などを記入し、お役立てください。)
Araw ng pagkulekta at iba pa (maaari itong gamitin sa pagsulat ng impormasyon tulad ng araw ng pagkulekta at iba pang mga detalye)

資源回収団体(自治会名) Organisasyong nangangasiwa sa pagkulekta ng mga bagay na maaaring i-recycle (pangalan ng Residents' Association)		資源物 Mga bagay na maaaring i-recycle	第 曜日・第 曜日 Sa ika- (araw) ng buwan/ Sa ika- (araw) ng buwan
可燃ごみ Basurang sinusunog	Araw 曜日・ 曜日 /	推進員名 Pangalan ng promotion staff	
不燃ごみ Basurang hindi sinusunog	Araw 曜日	電話番号 Numero ng telepono	

●ごみの処理に関すること 清掃管理課(清掃工場) ☎04-7138-1001㈹ ●資源回収に関すること 清掃計画課 ☎04-7125-1111㈹

● Para sa impormasyon ukol sa pangangasiwa o pagtapon ng mga basura: Sanitation Management Division (Sanitation Plant) ☎04-7138-1001 (main line)

● Para sa impormasyon ukol sa pagkulekta ng mga bagay na maaaring i-recycle: Sanitation Planning Division ☎ 04-7125-1111 (main line)

お問い合わせは日本語でお願いします。日本語がわからない場合は話せる方にお願いしてください。
Pakigamit ang wikang Hapon kung nais kumunsulta. Kung hindi nakakapagsalita ng wikang Hapon, makiusap sa isang taong nakakapagsalita nito.

Mga nilalaman

"さんあ～る (3R)" - App para sa pagtaguyod sa pagbubukod ng basura ..... Pahina 1
Itinakdang supot ng basura ..... Pahina 3
Basurang sinusunog ..... Pahina 5
Basurang hindi sinusunog ..... Pahina 5
Malalaking basura ..... Pahina 7
Mga bagay na maaaring i-recycle ..... Pahina 9
Pagdala ng maliliit na kasangkapang de-kuryente na ginagamit sa tahanan ..... Pahina 15
Mga basurang hindi maaaring pangasiwaan ng siyudad ..... Pahina 15
Mapanganib na basura ..... Pahina 17

目次

ごみ分別促進アプリ「さんあ～る」..... 2頁
指定ごみ袋..... 4頁
可燃ごみ..... 6頁
不燃ごみ..... 6頁
粗大ごみ..... 8頁
資源物..... 10頁
小型家電持込..... 16頁
市で処理できないごみ..... 16頁
有害ごみ..... 18頁

この冊子は、令和５年４月１日現在の内容で作成しています。
Ang nilalaman ng pamphlet na ito ay nilikha base sa impormasyong kuha noong Abril 1, 2023.

“さんあ～る (3R)” - App para sa pagtaguyod sa pagbubukod ng basura

Upang ipaalam sa mga mamamayan ang iba’t-ibang paraan sa pagbubukod ng mga basura, inilunsad ng siyudad ang isang smartphone “app para sa pagtaguyod sa pagbubukod ng basura”.
Ito ay isang libreng app na nagbibigay ng impormasyon ukol sa mga basura, tulad ng araw ng pagkulekta ng basura, paraan ng pagbubukod, notification functions, at iba pa.
Mula noong Disyembre 2020, nagkaroon din ng suporta para sa wikang Ingles, Intsik, Tagalog, Vietnamese, at Koreano.

■ Paggawa ng unang set up sa paggamit

Makikita ang initial setting screen sa unang paggamit, kaya pakipili sa menu ang pook o lugar na tinitirahan.
* Dahil may mga lugar na may ilang collection days na itinakda sa pagkulekta ng mga basurang sinusunog / hindi sinusunog, at mga bagay na maaaring i-recycle, pakikumpirma ang impormasyon sa tanggapan ng Sanitation Management Division (04-7138-1001) o sa Sanitation Planning Division (04-7123-1752).

① Piliin ang pook (Chiba Prefecture → Noda City → Pook na tinitirahan)

② Kumpirmahin ang araw ng pagkulekta, at pindutin ang “OK” kung tama

③ Makikita ang top page

■ Mga pangunahing functions

◆ **Setting function para sa notipikasyon ukol sa araw ng pagtapon ng basura**
- ◎Itakda ang nais na oras para sa pagtanggap ng notipikasyon
- ◎Maaaring itakda ang oras nang isang araw bago ang event, sa araw mismo ng event, o sa mga araw na nabanggit
- ◎Maaari din na piliin ang uri ng basura na nais gawan ng notipikasyon

◆ **Function para sa kalendaryo**
- ◎Ipakita ang kalendaryong naglalaman ng mga araw sa pagkulekta ng basura

◆ **Quick guide function**
- ◎Ipakita ang pamphlet ukol sa “Paraan sa pagtapon ng basura at mga bagay na maaaring i-recycle”

◆ **Sorting guide function**
- ◎Ipakita sa alphabetical order ang pag-uuri at mga babala sa pagbubukod ng bawat bagay ng basura

◆ **Function para sa mga notipikasyon mula sa siyudad**
- ◎Notipikasyon ukol sa mga araw ng pagkulekta ng basura tuwing katapusan ng taon, umpisa ng bagong taon, at iba pa
- ◎Ipapaalam ang impormasyon para sa oras ng emerhensiya sa pamamagitan ng push notification

■ Pakitingnan dito para sa pag-download:

Hanapin ang keyword na “さんあ～る” sa bawat app store, o di kaya’y gamitin ang QR code sa ibaba para sa pag-download.

[Para sa android] [Para sa iPhone] [app icon]

ごみ分別促進アプリ「さんあ～る」

ごみの分別方法などについて、より多くの方法で市民の皆さんにお知らせするため、スマートフォン向けの「ごみの分別促進アプリ」を導入しています。
ごみの収集日や分別方法、通知機能など、ごみに関する情報をお知らせする無料アプリです。
令和２年 12 月より、英語、中国語、タガログ語、ベトナム語、韓国･朝鮮語にも対応しました。

■初期設定方法

初期設定画面が表示されますので自分のお住まいの地域を選択してください
※可燃・不燃ごみ、資源物の収集日が複数ある地域がありますので、収集日が不明な方は清掃管理課（04-7138-1001）もしくは清掃計画課（04-7123-1752）へお問い合わせください。

①地域選択（千葉県→野田市→お住まいの地域）



②収集日を確認し、間違いが無ければ「OK」をタップ

③トップページが表示されます

■主な機能

◆ごみ出し日通知設定機能
- ◎通知時間を任意に設定
- ◎通知は前日、当日、または両日設定が可能
- ◎通知するごみ種別も任意で選択

◆カレンダー機能
- ◎ごみの収集日がわかるカレンダーを表示

◆便利帳機能
- ◎「ごみの出し方・資源の出し方」パンフレットを画像表示

◆分別帳機能
- ◎50 音順にごみの品目毎の分別区分と注意点を表示

◆市からのお知らせ通知機能
- ◎年末年始の収集日等をお知らせ
- ◎緊急時の情報はプッシュ通知でお知らせします

■ダウンロードはこちら

各アプリストアより「さんあーる」で検索するか、下記 QR コードからダウンロードしてぜひご利用ください。

【android 用】 【iPhone 用】 【アプリアイコン】

Itinakdang supot ng basura

◎Libreng coupon o voucher para sa supot ng basura na itinakda ng siyudad

◆ Sa mga sambahayang gumawa ng residence registration sa siyudad ng Noda, base sa Basic Resident Registry sa katapusan ng Pebrero ng bawat taon, ipinapadala sa householder o puno ng sambahayan ang libreng coupon sa buwan ng Marso bilang bahagi ng susunod na fiscal year.

◆ Pakipalitan ang libreng coupon ng itinakdang supot para sa mga "basurang sinusunog" o "basurang hindi sinusunog" sa tanggapan ng Sanitation Planning Division, Sanitation Management Division (Sanitation Plant), Sekiyado Branch, sa bawat Field Office at Community Hall o sa mga "tindahang nangangasiwa sa pamamahagi ng itinakdang supot ng basura"

Bilang o dami ng mga miyembro ng sambahayan	Kapasidad ng supot at bilang ng pirasong ipinamamahagi
Isang tao	20-L 120 piraso
2 hanggang 4 katao	30-L 120 piraso
5 hanggang 7 katao	40-L 120 piraso
8 hanggang 10 katao	40-L 130 piraso
11 hanggang 13 katao	40-L 140 piraso
14 katao at higit pa	40-L 150 piraso

Pakiusap

*Dahil hindi maaaring gawin ang reissuance ng libreng coupons, kailangang ingatan na hindi ito mawala.
*Sa pag-redeem o pagpalit ng coupons para sa supot ng basura, huwag agad palitan o gamitin lahat, sa halip ay unti-unti itong gamitin ayon sa tamang paraan o pagpaplano.
Maliban sa mga depektadong supot, hindi maaaring ibalik o palitan ang mga supot na pinalitan sa pamamagitan ng coupons.
*Kailangang tandaan na ang mga coupons ay maaari lamang gamitin hanggang sa Marso 31 sa loob ng fiscal year na kung kailan ito ipinamahagi.

◎ Pagbili ng itinakdang supot ng basura

◆ Sa mga hindi nakapagrehistro para sa Residence Registry sa siyudad ng Noda o di kaya'y kinulang sa libreng coupons, pakibili ang itinakdang supot (may bayad) sa tindahang nangangasiwa o nagbebenta nito.

Kapasidad ng supot ng basura	Singil (para sa 5 piece set)
20-L	425 yen
30-L	625 yen
40-L	850 yen

Pagkulekta ng basura

Pakitapon ang basura bago mag 8:30 ng umaga sa itinakdang araw ng pagkulekta.
Isinasagawa ang pagkulekta ng mga basura kahit piyesta opisyal.

(Ipinamamahagi ang impormasyon ukol sa special collection para sa katapusan ng taon sa pamamagitan ng Noda City Newsletter o sa website ng siyudad sa wikang Hapon.)

Araw ng pagkulekta / tapunan ng basura

○ **Basurang sinusunog (2 beses sa isang linggo)**
May mga area o lugar na kung saan ginagawa ang pagkulekta sa "Lunes / Huwebes" at mayroon namang ginagawa sa "Martes / Biyenes".

○ **Basurang hindi sinusunog (1 beses sa isang linggo)**
Mula Lunes hanggang Biyernes, pero maaaring magkaiba ang araw depende sa lugar.

Pakitanong sa mga kapitbahay o sa isang promotion staff ng kilusan sa pagbabawas ng basura sa rehiyon. Maaaring ipakilala sa nabanggit na promotion staff sa oras na tumawag sa Sanitation Management Division (☎ 04-7138-1001) / Sanitation Planning Division (☎ 04-7125-1111 (main line) o sa ☎ 04-7123-1752 (direkta).
*Pakigamit ang wikang Hapon kung nais kumunsulta. Kung hindi nakakapagsalita ng wikang Hapon, makiusap sa isang taong nakakapagsalita nito.

[Mga bagay na dapat tandaan at pakiusap sa oras ng pagtapon ng basura]

●Siguruhing ilagay ang mga basura sa itinakdang supot ng basura.
●**Siguruhing ilagay ang pangalan (buong pangalan) sa itinakdang supot ng basura.**
●Huwag itapon ang basura sa collection site ng ibang lugar o distrito.
●Siguruhing nakikita sa labas ang nilalaman ng itinakdang supot ng basura.
*Sa pagtapon ng mga kitchen wastes, sanitary items at iba pa, limitahan nang husto ang dami ng shopping bags na paglalagyan o di kaya'y balutin ito ng diyaryo.
*Hindi gagawin ang pagkulekta kapag ang nilalaman ng itinakdang supot ng basura ay hindi makumpirma mula sa labas.
●Pakitali ang bungad ng itinakdang supot ng basura tulad ng nasa larawan.

Paraan ng pagtali sa itinakdang supot ng basura
Bawal lagyan ng tape ang bungad ng supot bago itali ang magkabilang hawakan ng supot.

Itali ang gitnang bahagi ng magkabilang hawakan ng supot.

Itali mismo ang magkabilang hawakan ng supot.

◎ Kapag hindi ginawa sang-ayon sa pamamaraang nakasulat sa gabay na ito ang pagtapon sa basura, ituturing ito na isang paglabag at hindi gagawin ang pagkulekta sa itinapong basura.
Kapag hindi ginawa ang pagkulekta sa basura sanhi ng paglabag sa patakaran

◆ Para sa mga basurang lumabag sa patakaran, sundin ang mga bagay na dapat ayusin sang-ayon sa nakalagay na checkmark sa nakadikit na dilaw na seal at pagkatapos ay lagyan ng malaking x-mark sa ibabaw ng seal bago ito ilabas uli sa collection site.

◆ Hindi na kailangang palitan ang itinakdang supot o tanggalin ang nakadikit na seal. Kapag nakumpirmang inayos na ang pagtapon nito sang-ayon sa mga kautusan, uumpisahan uli ang pagkulekta sa basura.

指定ごみ袋

◎指定ごみ袋無料引換券

◆野田市に住民登録をしている世帯には、毎年２月末日の住民基本台帳を基に、翌年度分として世帯主宛に３月中に発送します。

◆無料引換券は、清掃計画課、清掃管理課（清掃工場）関宿支所、各出張所、各公民館または、『指定ごみ袋取扱店』で『可燃ごみ専用』か『不燃ごみ専用』の指定ごみ袋に引き換えてください。

世帯の人数	ごみ袋の容量と配布枚数
1人	20ℓ 120枚
2人～ 4人まで	30ℓ 120枚
5人～ 7人まで	40ℓ 120枚
8人～ 10人まで	40ℓ 130枚
11人～ 13人まで	40ℓ 140枚
14人以上	40ℓ 150枚

お願い

※無料引換券は再発行できませんので、なくさないように注意してください。
※ごみ袋は一度に全部引き換えず、計画的に引き換えて使用してください。
一度引き換えたごみ袋は、不良品を除き、お取り換えすることはできません。
※その年度の引換券は、３月31日までしか使用できませんので注意してください。

◎指定ごみ袋の購入

◆ 野田市に住民登録をしていない方や無料分では足らなくなった場合は、指定ごみ袋取扱店で、有料で指定ごみ袋を購入してください。

ごみ袋の容量	有料分（5枚セット）
20ℓ	425円
30ℓ	625円
40ℓ	850円

ごみの収集

収集日当日の朝、午前８時30分までに出しましょう。
収集日が祝日にあたっても収集します。

（年末の臨時収集は、日本語で市報のだや野田市ホームページに掲載します。）

収集日・集積所

○可燃ごみ（週２回） 『月曜日・木曜日』の地域と『火曜日・金曜日』の地域があります。
○不燃ごみ（週１回） 月曜日から金曜日まで地域により曜日が異なります。

ご近所の方か地域の廃棄物減量等推進員にお問い合わせください。
清掃管理課（☎04-7138-1001）・清掃計画課（☎04-7125-1111（代表）または☎04-7123-1752（直通））にお問い合わせいただければ、地域の廃棄物減量等推進員を紹介します。
※お問い合わせは日本語でお願いします。日本語がわからない場合は話せる方にお願いしてください。

【ごみを出すときのご協力と注意事項】

●必ず専用の指定ごみ袋に入れてください。
●**指定ごみ袋には、必ず氏名（フルネーム）を記入してください。**
●他の地区のごみ集積所には出さないでください。
●指定ごみ袋の中身は見えるようにしてください。
※生ごみや衛生用品などは、最小限のレジ袋等に入れるか、新聞紙に包んで出してください
※指定ごみ袋の中身を、確認できないものは収集しません。
●指定ごみ袋の口は、図のように縛ってください。

指定ごみ袋の縛り方
取っ手で縛る前に袋の口をテープなどでふさぐことは禁止です。

取っ手の間の部分を縛る

取っ手自体で縛る

◎本冊子に記載のとおりにごみを出さない場合は、違反ごみとして収集しません。

違反ごみとして収集されなかった場合

◆違反ごみは、黄色いシールにチェックされた違反項目を直して、シールの上に大きく×印をつけて、出し直してください。
◆新しい指定ごみ袋に入れ替えたり、シールをはがす必要はありません。違反が直されていることが確認できれば収集します。

Basurang sinusunog

◀ Ang supot na nakasulat sa letrang pula ay ginagamit para sa mga basurang sinusunog.

Dalawang beses sa loob ng isang linggo ang koleksiyon. Pakilagay ito sa itinakdang supot "para sa mga basurang sinusunog".

*Mga bagay na gawa sa natural na materyales o halos gawa sa natural na materyales

Kitchen wastes / shells



Pakitanggal nang husto ang tubig sa kitchen wastes bago ito itapon.

Basurang gawa sa papel
(mga bagay na hindi maaaring i-recycle)

Tissue paper, thermal paper at iba pa

Basurang gawa sa kahoy
(tulad ng wood chips, mga piraso ng kahoy at iba pa)

Lumang tela
(mga bagay na hindi maaaring i-recycle)

Mga sanitary items
(disposable diapers na gawa sa papel at iba pa)

Tanggalin muna ang dumi sa loob nito bago itapon.

Mga produktong gawa sa balat
(guwantes, card holders at iba pa)

Mantika sa pagluluto na ginamit na

Gamitin ang diyaryo at iba pa para sipsipin ang likido o coagulants na binibenta sa mga tindahan.

Toilet sheet para sa alagang hayop, toilet sand na ginamit na at iba pa

Mga pinutol na sanga ng kahoy, nalaglag na dahon, damo, ugat ng punong kahoy
(tanggalin ang lupa at siguruhing hindi lalampas ang diameter sa 30 cm)

Ilagay sa itinakdang supot ng basura bago itapon. (hanggang isang supot para sa isang sambahayan)

Damit panloob, underwear, medyas, pajama

Larawan

Papel, kahon na may amoy
(sabon, incense at iba pa)



●Depende sa laki ng basura, may kaso na kung saan nabibilang ito sa malalaking basura. Pakitingnan ang pahina 5 para sa mga detalye.

Basurang hindi sinusunog

◀ Ang supot na nakasulat sa letrang asul ay ginagamit para sa mga basurang hindi sinusunog.

Isang beses sa loob ng isang linggo ang koleksiyon. Pakilagay ito sa itinakdang supot "para sa mga basurang hindi sinusunog".

*Mga artipisyal na materyales o halos artipisyal na mga materyales na hindi maaaring i-recycle.

Mga bagay na gawa sa plastic
(lalagyan ng shampoo, lunchbox at iba pa)

Mga bagay na gawa sa salamin
(glass sheet, tasa at iba pa)

Pakibalot sa karton ang nabiyak na glass sheet at iba pa at sulatan ng "ガラス"(may salamin o babasagin sa loob).

Mga bagay na gawa sa ceramics
(tea cup, tasa para sa mainit na inumin, palayok, masetera at iba pa)

Pakibalot sa karton ang nabiyak na ceramic material at iba pa at sulatan ng "とうじき" (may lamang ceramics sa loob).

Mga produktong gawa sa goma
(bota, guwantes na gawa sa goma at iba pa)

Tray, mga pakete
(tray na kulay puti na ginagamit sa karne, pakete ng itlog at iba pa)

*Ang tray (puti o may kulay) ay kinukulekta din sa mga tindahang kasapi ng kilusan sa pagbabawas ng basura.

Iba't-ibang maliliit na gamit sa tahanan
(ballpen, straw, cassette tape, CD, DVD at iba pa)

Mga bagay na gawa sa vinyl, wrap
(shopping bag, pakete ng snacks at iba pa)

Maliliit na kasangkapang de-kuryente na ginagamit sa tahanan
(dryer, maliit na radyo at iba pa)

*Sa loob ng maliliit na household electronic devices, may mga bagay na kailangang dalhin mismo sa itinakdang tanggapan. Tingnan ang pahina 13 para sa mga detalye.

Iba pa
(styrofoam, takip ng PET bottle at iba pa)

* Ang takip ng PET bottle ay kinukulekta din sa mga tindahang kasapi ng kilusan sa pagbabawas ng basura.

Cooling / drying agent

Baby bottle

Sapatos

●Depende sa laki ng basura, may kaso na kung saan nabibilang ito sa malalaking basura. Pakitingnan ang pahina 5 para sa mga detalye.

可燃ごみ

◀ごみ袋に赤文字が可燃ごみ専用です。

収集は週２回。「可燃ごみ専用」の指定ごみ袋に入れてお出しください。

※天然素材のもの又は概ね天然素材のもの

生ごみ・貝殻

生ごみは十分に水切りをしてください。

紙くず
（資源にならないもの）

ティッシュペーパーや感熱紙など

木くず
（割りばし・木片など）

ぼろ布
（資源にならないもの）

衛生用品
（紙おむつなど）

汚物を取り除いてからお出しください。

本革製品
（手ぶくろや名刺入れなど）

廃食用油



新聞紙などに油を染み込ませるか、市販の凝固剤を使用してください。

ペット用トイレシート・使用済みトイレ砂など

40ℓに満たない剪定枝・落ち葉・草・樹木の根（土を落として、直径30cm以内にする）

指定ごみ袋に入れてお出しください。（１世帯１袋まで）

肌着・下着・靴下・パジャマ

写　真

においのついた、紙・箱
（石鹸や線香等）

●ごみの大きさによっては、粗大ごみとなる場合があります。 詳細は6頁をご覧ください。

不燃ごみ

◀ごみ袋に青文字が不燃ごみ専用です。

収集は週１回。「不燃ごみ専用」の指定ごみ袋に入れてお出しください。

※人工的素材のもの又は概ね人工的素材のもので資源にならないもの

プラスチック類
（シャンプー容器・弁当容器など）

ガラス類
（板ガラス・コップなど）

割れた板ガラスなどは、ダンボールなどで包んで「ガラス在中」などと明記してください。

陶磁器類
（茶わん・湯飲み・土鍋・植木鉢など）

割れた陶磁器などはダンボールなどで包んで「陶磁器在中」などと明記してください。

ゴム製品
（長靴・ゴム手袋など）

トレイ・パック類
（肉魚の白色トレイ・卵のパックなど）

※トレイ（白色と色つき）はごみ減量協力店でも回収しています。

小型家庭雑貨
（ボールペン・ストロー・カセットテープ・CD・DVDなど）

ビニール・ラップ類
（レジ袋・菓子袋など）

小型家電製品
（ドライヤー・小型ラジオなど）

※小型家電製品の中には、小型家電持込回収の対象になるものがあります。詳細は14頁を参照してください。

その他
（発泡スチロール・ペットボトルキャップなど）

※ペットボトルキャップはごみ減量協力店でも回収しています。

保冷剤・乾燥剤

哺乳びん

く　つ

●ごみの大きさによっては、粗大ごみとなる場合があります。 詳細は6頁をご覧ください。

Malalaking basura (sinusunog / hindi sinusunog)

Standard o basehan para sa malalaking basura

Mga bagay na may panig na nasa 40 cm at higit pa, o kapag ang kabuuan ng tatlong panig (taas + lapad + haba) ay nasa 90 cm at pataas.

◆ **Kahit magawang ipasok ito sa itinakdang supot ng basura sa pamamagitan ng pagtupi o pagbilog sa isang rolyo, nabibilang ito sa malalaking basura kapag pumailalim sa standard o basehan para sa malalaking basura.**

Paggawa ng aplikasyon sa telepono para sa pagkulekta sa bawat tahanan.

① Aplikasyon

◆ Pakigawa ang aplikasyon sa telepono
Sanitation Management Division (☎ 04-7138-1001)

* Pakigamit ang wikang Hapon sa paggawa ng aplikasyon. Kung hindi nakakapagsalita ng wikang Hapon, makiusap sa isang taong nakakapagsalita nito.



② Pagbili ng "Garbage Disposal Sticker para sa malalaking basura" (550 yen para sa isang sticker)

◆ Pakibili ang Garbage Disposal Sticker na nakalarawan sa kanan.

Pook na kung saan maaaring bumili ng Garbage Disposal Sticker para sa malalaking basura:
City Hall Sanitation Planning Division, Minami and Kita Branch Offices (sa loob ng Community Center), Chuo Field Office (sa loob ng Keyakino Hall), sa bawat Community Hall, Sekiyado Branch, Sanitation Management Division, sa bawat tindahan sa loob ng siyudad



③ Pagtawag sa araw ng pagkulekta

◆ Makakatanggap ng tawag sa araw ng pagkulekta.

④ Pagkulekta ng basura

◆ Idikit sa malalaking basura ang "Garbage Disposal Sticker para sa malalaking basura" pagktapos isulat ang pangalan at ilabas sa may entrada ng tahanan (sa lobby sa unang palapag kung nakatira sa condominium) hanggang sa 8:30 ng umaga sa itinakdang araw ng pagkulekta. Isinasagawa ang pagkulekta hanggang sa gabi.

■ Halimbawa ng mga bagay na maaaring itapon kabilang sa malalaking basura

*Ang mga bagay na gawa sa 90 porsiyentong metal ay kailangang itapon kabilang ng mga bagay na maaaring i-recycle.
* Sa loob ng sumusunod na halimbawa, may maliliit na household electronic devices na kailangang dalhin mismo sa itinakdang tanggapan.

1 Accordion curtain
2 Amplifier
3 Clothes case
4 Upuan
5 Carpet
6 Humidifier
7 Color box
8 Cooler box
9 Carbon fiber golf clubs (3 at higit pa)
*Kung hindi hihigit sa 2 golf clubs, maaaring itapon kabilang ng mga basurang hindi sinusunog
10 Golf set (pati bag)
11 Low-type table
12 Japanese-style cushion (itinuturing na isang item hanggang 5 cushions)
13 Alpombra
14 Book case, book storage
15 Diswasher / Dryer
16 Paminggalan
17 Rice cooker (maaaring i-recyle ang rice pot sa loob)
18 Stereo set
19 Vacuum cleaner
20 Sofa
21 Mesa
22 TV stand
23 Electric carpet
24 Electric stove
25 Hagdan (gawa sa kahoy)
26 Futon (hiwalay ang upper/ lower futon)
27 Kama (itinuturing din na isang item ang double-bed)
28 Baby stroller
29 Hose reel
30 Pot
31 Book shelf
32 Iba't-ibang uri ng mat
33 Mattress
34 Rack
35 Microwave range stand
36 Wagon

■ Halimbawa ng mga bagay na hindi sakop ng malalaking basura kahit pumapailalim sa standard o basehan

Payong, tungkod, inflators, carbon fiber golf club (hanggang dalawa), ski stock lamang, fishing rod, polyethylene container para sa kerosene (hanggang 20 liters), walis, hose para sa paghakot ng tubig at pagdidilig, mop, electric pump para sa kerosene, school bag, support poles (i-recycle ang mga bagay na gawa sa metal).

粗大ごみ（可燃・不燃）

粗大ごみの基準

１辺が40cm以上の物、または３辺（縦＋横＋高さ）の合計が90cm以上の物

◆丸めたり、折りたたんだりして指定ごみ袋に入っても、基準を満たす場合は粗大ごみになります。

電話での申し込みによる戸別回収です。

①申し込み

◆電話で申し込んでください。
清掃管理課（☎04-7138-1001）
※申込は日本語でお願いします。日本語がわからない場合は話せる方にお願いしてください。



②『粗大ごみ処理券』の購入（１枚550円）

◆右の図の処理券を購入してください。

粗大ごみ処理券購入場所
市役所清掃計画課、南・北出張所（コミュニティセンター内）、中央出張所（欅のホール内）、各公民館、関宿支所、清掃管理課、市内各店舗



③回収日の連絡

◆回収日の電話連絡があります。

④回収

◆粗大ごみに記名した『粗大ごみ処理券』を貼って、指定された回収日の朝、午前８時30分までに玄関先（集合住宅の場合は１階の共用スペース）に出してください。夕方までには回収します。

■粗大ごみとする品目例

※９割以上金属でできている物は資源回収にお出しください。
※品目例の中には、小型家電の持込回収の対象になるものがあります。

1 アコーディオンカーテン
2 アンプ
3 衣装ケース
4 椅子
5 カーペット
6 加湿器
7 カラーボックス
8 クーラーボックス
9 カーボン製ゴルフクラブ（3本以上）
※2本以下は不燃ごみ
10 ゴルフセット（バッグ共）
11 座卓
12 座布団(5枚までごとに1点)
13 じゅうたん
14 書棚・書庫類
15 食器洗い乾燥機
16 食器棚
17 炊飯器（内釜は資源）
18 ステレオセット
19 掃除機
20 ソファー
21 テーブル
22 テレビ台
23 電気カーペット
24 電気ストーブ
25 はしご（木製）
26 布団（掛け、敷き別）
27 ベッド（二段ベッドも1点）
28 ベビーカー
29 ホースリール
30 ポット
31 本棚
32 マット類
33 マットレス
34 ラック
35 レンジ台
36 ワゴン

■基準にかかわらず粗大ごみとしない品目例

傘、杖、空気入れ、カーボン製ゴルフクラブ（2本以内）、スキーのストックのみ、釣竿、灯油用ポリ容器（20ℓまで）、ほうき、給水・散水用ホース、モップ、灯油用電動ポンプ、ランドセル、つっぱり棒（金属製は資源）

[Pagdala ng basurang sinusunog / hindi sinusunog at malalaking basura (sinusunog / hindi sinusunog)]

◆ Maaring dalhin mismo sa Sanitation Plant o sa Recycle Center.

◯ Oras ng pagtanggap at singil sa pagdala ng mga basura sa Sanitation Plant, Recycle Center:

Oras ng pagtanggap:

8:30 AM hanggang 4:00 PM, Lunes hanggang Biyernes (pati piyesta opisyal)

*Hindi maaaring dalhin ang mga basura tuwing Sabado, Linggo, katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon.

Singil:

・Karaniwang tahanan o sambahayan: 135 yen sa bawat 10 kg (hindi kasali ang buwis)

* Tatlong Garbage Disposal Sticker para sa malalaking basura ang kailangan para sa bawat spring mattress. Ang bayad para sa carry-on ay magiging triple ng karaniwang halaga.

*Pakitingnan ang guide map sa likod ng pamphlet para sa impormasyon ukol sa address ng pasilidad.

Saan maaaring dalhin ang mga basura:

Uri ng basura	Sanitation Plant	Recycle Center
Basurang sinusunog	◯	×
Malalaking basurang sinusunog	◯	×
Basurang hindi sinusunog	×	◯
Malalaking basurang hindi sinusunog	×	◯

◯ Maaring dalhin, × Hindi maaaring dalhin

Para sa mga katanungan:

Sanitation Management Section ☎ 04-7138-1001 / Recycle Center ☎ 04-7126-0405

* Pakigamit ang wikang Hapon kung nais kumunsulta. Kung hindi nakakapagsalita ng wikang Hapon, makiusap sa isang taong nakakapagsalita nito.

Pagkulekta ng mga bagay na maaaring i-recycle

Pagkulekta ng mga bagay na maaaring i-recycle sa pamamagitan ng mga samahan o organisasyon:

Sa siyudad ng Noda, ang pagkulekta ng mga bagay na maaaring i-recycle, na pinangungunahan ng mga kasapi ng pampublikong organisasyon tulad ng Residents' Association at iba pa, ay isinasagawa sang-ayon sa sumusunod:

◯ Ang pagkulekta ay ginagawa ng 1 o 2 beses sa loob ng 1 buwan sa regular na interval.
◯ Pakilabas ang mga basura bago mag 8:30 ng umaga sa itinakdang araw ng pagkulekta.
◯ Sa mga gumagamit ng tapunan o collection site, may itinatakda upang mangasiwa sa paghahanda ng lalagyan ng mga recyclable items at pag-imbak nito, pagkumpirma sa pagbubukod ng mga bagay at iba pang gawain. Dahil isinasagawa ang pagkulekta sa bawat recyclable items, kailangang nasa ayos ang lalagyan nito at kailangan din na magtulungan ang lahat upang mapanatili ang maayos na pangangasiwa sa lugar na ito.
◯ Ang pangangasiwa sa collection site (turno sa paglilinis at iba pa) ay gagawin ng lahat ng mga gumagamit nito.
◯ Bilang patakaran, ang pagkulekta ay gagawin kahit masama ang panahon o piyesta opisyal.

*** Pakitanong sa mga kapitbahay o sa isang promotion staff ng kilusan sa pagbabawas ng basura sa rehiyon ang impormasyon ukol sa collection site, araw ng pagkulekta, oras ng umpisa, itinakdang tagapangasiwa at iba pang mga detalye.**

(Ang collection site para sa mga recyclable items ay maaaring magkaiba sa collection site ng mga basurang sinusunog / hindi sinusunog.)

* Pakigamit ang wikang Hapon kung nais kumunsulta. Kung hindi nakakapagsalita ng wikang Hapon, makiusap sa isang taong nakakapagsalita nito.

■Mga bagay na gawa sa papel

Pakibukod sa apat na pag-uuri, talian ang bawat isa ng pisi sa magkabilang panig sa hugis ng krus bago itapon.

① 紙パック Mga lalagyan ng inumin na gawa sa papel (karton ng gatas, juice at iba pang paper packs)

◆ **Recycled paper (mga bagay na kulay kayumanggi sa loob), paper packs ng alak at iba pa na ginamitan ng aluminum ➡ basurang sinusunog**

◆ **Takip na tinanggal na gawa sa plastic, spout (bungad) ➡ basurang hindi sinusunog**

* Kinukulekta din sa mga tindahang kasapi ng kilusan sa pagbabawas ng basura



Pakitanggal nang husto ang tubig sa loob at patuyuin bago itapon.

【可燃ごみ・不燃ごみ・粗大ごみ(可燃・不燃)の持込】

◆自分で清掃工場、リサイクルセンターへ持ち込むことができます。

○清掃工場、リサイクルセンターへの搬入受付時間及び持込手数料

【搬入受付時間】

月曜日から金曜日(祝日含む):午前８時３０分から午後４時まで

※土曜日・日曜日・年末年始は持ち込みできません。

【持込手数料】

・一 般 家 庭　　10kgまでごとに135円(税別)

※スプリング入りマットレスは粗大ごみ処理券が１個につき３枚必要です。持込みの場合の手数料は３倍になります。

※施設の場所については冊子裏面の案内図を参照してください。

ごみの持ち込み先

種　　別	清掃工場	リサイクルセンター
可燃ごみ	○	×
可燃粗大ごみ	○	×
不燃ごみ	×	○
不燃粗大ごみ	×	○

○＝持ち込み可、×＝持ち込み不可

【問い合わせ】　清掃管理課　☎04-7138-1001・リサイクルセンター　☎04-7126-0405

※お問い合わせは日本語でお願いします。日本語がわからない場合は話せる方にお願いしてください。

資源物の回収

集団資源回収

野田市では自治会などの公共的団体が主となり、次のような内容で「集団資源回収」を実施しています。

○回収は、月１回または２回、定期的に実施しています。
○収集日の朝、午前８時30分までにお出しください。
○集積所を利用する皆さんが当番により、資源回収容器や袋の準備・保管、分別の確認などを行います。また、資源物ごとに収集しますので、資源物の置き場を整理してスムーズな回収ができるようにご協力ください。
○集積所の管理(清掃など)は、集積所を利用する皆さんで行います。
○回収日が祝日や悪天候の場合でも、原則として実施します。

※集積所、回収日、開始時間、当番などについては、ご近所の方か地域の廃棄物減量等推進員にお尋ねください。

(資源物の集積所と可燃ごみ・不燃ごみの集積所とは場所が異なる場合があります。)

※お問い合わせは日本語でお願いします。日本語がわからない場合は話せる方にお願いしてください。

■紙類

４種類に分けて、それぞれひもで十文字に縛ってお出しください。

① 紙パック 飲料用紙パック(牛乳・ジュースなどの紙パック)

◆再生紙(内側が茶色のもの)やお酒などのアルミが使われている紙パック➡**可燃ごみ**

◆取り除いたプラスチック製のキャップや注ぎ口➡**不燃ごみ**

※ごみ減量協力店でも回収しています



水でよくすすいで切り開き、乾燥させてからお出しください。

② Sari-saring papel

Libro, magazine, encyclopedia:
Pakitalian ng pisi sa magkabilang panig sa hugis ng krus.
Pambalot na papel, paper bag, tarheta o business card, postcard, copying paper at iba pa:
Pakilagay sa loob ng paper bag at isara ang bungad nito.
⇨ Maaaring gamitin ang stapler sa pagsara sa bungad ng paper bag, pero hindi maaaring gamitin ang gum tape (duct tape) sa pagsara nito.

◆ Pakilagay sa transparent o semi-transparent na supot ng basurang gawa sa vinyl ang mga papel na idinaan sa shredder at talian ang bungad bago itapon.
➡ **Mga basurang sinusunog (depende sa laki ay maaaring masakop ito sa malalaking basura)**

◆ Kahit may marka ng papel 紙, ang sumusunod na bagay na gawa sa papel ay hindi nabibilang sa mga bagay na maaaring i-recycle ➡ **Mga basurang sinusunog**

✕ **Lalagyang gawa sa papel (pulp mold) na ginagamit upang protektahan ang itlog, prutas at iba pa**
✕ **Lalagyang gawa sa papel na kinapitan ng amoy ng sabon, detergent, incense stick at iba pa**
✕ Mga papel na ginawan ng vinyl, gold, silver processing at mga bagay na pinahiran o kinapitan ng wax.

③ Karton

◆ Pakitanggal ang bahaging gawa sa metal, ibuka at pisain.

④ Diyaryo

◆ Pakisabay din sa pagtapon ang mga flyers.

■ Mga boteng gawa sa kristal o salamin

Pakibukod ang mga bote ng Japanese sake, bote ng beer, mga boteng walang kulay, kulay kayumanggi at iba pang kulay sa kanya-kanyang lalagyan o collection box.
◆ Pakidurog ang mga boteng gawa sa kristal, maaari itong i-recycle kahit durog na.
◆ Tanggalin ang takip at banlawan ng tubig bago itapon.
(ang mga boteng kinapitan ng langis ay maaaring itapon kahit hindi banlawan ng tubig.)

○ Mga bagay na maaaring itapon

Bote ng cosmetics
(ibukod ayon sa kulay bago itapon)

× Mga bagay na hindi maaaring itapon

Kulay gatas (puti) na bote
Heat-resistant glass at iba pa
➡ **Basurang hindi sinusunog**

■ Damit

○ Mga bagay na maaaring itapon

Shirts, pantalon, palda, trainer, sweater, coat, jacket (pati mga bagay na may bulak sa loob), down jacket, jeans, suits, business suit, blazer, jacket / pantalon na gawa sa balat at iba pa
◆ Hindi na kailangang tanggalin pa ang butones / fastener.
◆ Pakitupi at talian ng pisi sa magkabilang panig sa hugis ng krus bago itapon.



× Mga bagay na hindi maaaring itapon

Damit panloob, underwear, medyas, wet suits, pajama, windbreaker at iba pa
Mga bagay na marurumi (lalung-lalo na ang kinapitan ng langis), may butas at iba pa
Mga damit na may bulak sa loob

■ Tela

○ Mga bagay na maaaring itapon

Kurtina (pati lace curtains), makapal na kumot, towel-blanket (maliban sa mga bagay na naglalaman ng bulak o nilagyan ng quilting), sheets, tuwalya at iba pa
◆ Pakitupi at talian ng pisi sa magkabilang panig sa hugis ng krus bago itapon.

× Mga bagay na hindi maaaring itapon

Futon (pati umobuton o duvets), electric blanket, kotatsu mat, carpet, tela, mga piraso o natirang tela, boa sheets, mattress pad, mga uri ng mat (toilet mat, bath mat, front doormat) at iba pa

Kapag nabasa ang mga damit o tela habang nakatabi, kinakapitan ito ng amag at hindi na maaaring i-recycle. Sa araw na umuulan o di kaya'y may pag-uulat na magkakaroon ng ulan, sa oras ng pagtapon ay maaaring ilagay ang mga bagay sa transparent / semi-transparent vinyl garbage bags o di kaya'y itapon sa susunod na araw ng pagkulekta ng mga bagay na maaaring i-recycle.

②雑紙

本・雑誌・百科辞典など…ひもで十文字に縛ってお出しください。
包装紙・紙袋・名刺・ハガキ・コピー用紙など…紙袋に入れて口を閉じてください。
⇨紙袋の口を閉じる時はホチキスの利用は可能ですが、ガムテープ等の使用は不可です。



◆シュレッダーされた紙は、透明または半透明のビニール袋に入れて口を縛って出してください。
➡**可燃ごみ**（大きさによっては粗大ごみに該当します。）

◆次の紙類は、紙マークがついていても資源物になりません。➡**可燃ごみ**
✕ **たまごや果物などの保護のため使用されている紙製の容器（パルプモールド）**
✕ **洗剤、石鹸、線香などの匂いのついた紙製の容器**
✕ ビニール加工や、ワックスのついたもの、あるいは金、銀に加工された紙

③段ボール

◆金具類は取り除き、開いてつぶしてください。

④新聞紙

◆折込チラシも一緒にお出しください。

■ガラスびん

一升びん、ビールびん、無色、茶色、その他の色に分別して、それぞれの回収容器へ入れてください。
◆ガラスびんは粉砕処理し、リサイクルしますので、割れていてもお出しください。
◆キャップをはずして、水ですすいでお出しください。
（油の入っていたびんは、水ですすがずにそのままお出しください。）

○出せるもの

化粧品のびん
（色分けして出してください。）

×出せないもの

乳白色のびん
耐熱ガラスなど
➡**不燃ごみ**

■衣類

○出せるもの

シャツ、ズボン、スカート、トレーナー、セーター、コート、ジャンパー（綿入り可）、ダウンジャケット、ジーパン、スーツ、背広、ジャケット、革ジャン、革パンツなど
◆ボタン・ファスナーは取り外す必要はありません。
◆折りたたんでひもで十文字に縛ってお出しください。



×出せないもの

肌着、下着、靴下、ウェットスーツ、パジャマ、ウインドブレーカーなど
汚れ（特に油汚れ）や穴のあいたものなど
綿の入った衣類

■布

○出せるもの

カーテン（レース含む）、毛布、タオルケット（※中に綿が入っているものやキルティング加工されているものを除く）、シーツ、バスタオルなど
◆折りたたんでひもで十文字に縛ってお出しください。

×出せないもの

布団（羽毛も含む）、電気毛布、こたつ敷き、カーペット、反物、断裁してある布やハギレ、ボアシーツ、敷パッド、マット類（トイレマット、バスマット、玄関マット）など

**衣類や布は、濡れると保管している間にカビが生えてしまいリサイクルできなくなります。
雨天時や雨が予想される日は、透明または半透明なビニール袋に入れて出すか、次回の資源回収にお出しください。**

■ Mga bagay na gawa sa metal

◆ Water kettle, kaldero, palayok, galvanized sheet na gawa sa metal, toaster, gas table, iron scraps, stainless at copper products at iba pa.
◆ Ang mga bagay na gawa sa 90 porsiyentong metal ay kailangang itapon kabilang ng mga bagay na maaaring i-recycle.
*Ang mga latang gawa sa aluminum ay kinukulekta din sa mga tindahang kasapi ng kilusan sa pagbabawas ng basura.

Mga bagay na kailangang ingatan:

Microwave oven



Hindi kailangang tanggalin ang pinto sa harapan.

Lata ng spray

Pakigamit lahat ang laman. Hindi na kailangang butasan.

Latang walang laman (aluminum, steel can)

Hindi kailangang pisain, banlawan lang ng tubig.

Lata ng pintura, langis

Hindi kailangang banlawan, ubusin ang laman.

Bisikleta, trolley

Lagyan ng "しげん" (recyclable item) sticker. Tanggalin ang mga nakakabit na accessories.

Oil stove (gas, oil) fan heater, convection space heater



Ubusin ang langis sa loob. Tanggalin ang baterya.

Maliliit na bagay na gawa sa metal (karayom, pako at iba pa)

Ilagay kasabay ng mga latang walang laman at iba pa.

Malalaking steel storage frames at iba pa



Ibukod sang-ayon sa laki at bigat na maaaring buhatin ng isang tao.

◆ Mga bagay na gawa sa metal na mahirap pagpasiyahan kung ibibilang o hindi sa mga bagay na maaaring i-recycle.

Itapon ito kabilang sa mga bagay na maaaring i-recycle. Lalagyan ito ng dilaw na sticker sa oras na mapagpasiyahan ng nangangasiwa sa collection site na hindi ito mga recyclable items at mananatiling nakaimbak sa tapunan. Depende sa laki ng bagay at materyales na ginamit, itapon uli ito kabilang sa mga malalaking basura o sa mga basurang hindi sinusunog.

■ PET bottle

◯ PET bottle na nasasakop sa pagkulekta

PET bottle na ginagamit sa mga inumin, toyo, alak, noodle soup base, mirin seasoning, suka / seasoning vinegar, non-oil dressing at mga panimpla

× Mga bagay na hindi nasasakop sa pagkulekta

Mga lalagyang gawa sa plastic na ginagamit sa salsa, barbecue sauce, mantika, detergent, shampoo at iba pa, lalagyang gawa sa plastic na kulay puti o de-kolor, lalagyang gawa sa plastic para sa oil dressing at mga panimpla
➡ Kahit may nakalagay na PET mark, itapon ito kabilang ng mga **basurang hindi sinusunog**

* Kinukulekta din sa mga tindahang kasapi ng kilusan sa pagbabawas ng basura.
◆ Pakibanlawan ng tubig ang loob.
◆ Pakitanggal ang takip. Itapon ang takip kabilang ng mga **basurang hindi sinusunog**.
◆ **Hindi na kailangang tanggalin ang tatak o label. (Kung itatapon sa tulong ng mga partner shops na kasapi ng kilusan sa pagbabawas ng basura, sundin ang pag-uutos ng tindahan)**
◆ Pisain bago itapon.

■金属類

◆やかん、なべ、釜、金属トタン板、トースター、ガステーブル、鉄くず、ステンレスや銅製品など
◆９割以上金属でできていれば、資源物になります。
※アルミ缶はごみ減量協力店でも回収しています。

【特に注意する品目】

電子レンジ



前扉ははずさない。

スプレー缶

中身を使いきってください。穴あけは不要です。

空き缶（アルミ・スチール缶）

すすいで、つぶさない。

塗料・油の缶

使い切って、すすがない。

自転車・台車

『資源』と張り紙をする。付属品を外す。

石油ストーブ（ガス・石油）ファンヒーター温風ヒーター



灯油は使い切る。電池は抜き取る。

細かな金属（針・釘など）

空き缶などに入れる。

スチール製の物置などの大きな物



大人一人が持てる重さ・大きさにまとめる。

◆金属類として資源物となるか判断しにくい物

資源回収に出してください。もし、回収業者が資源物にならないと判断し取り残した物は黄色ステッカーが貼られます。素材や大きさに応じて、粗大ごみか不燃ごみとして出し直してください。

■ペットボトル

○回収の対象となるペットボトル

飲料用、しょうゆ、酒、めんつゆ、みりん風調味料、食酢・調味酢、ノンオイルドレッシングや調味料のペットボトル

×回収できないもの

ソース、焼肉のたれ、食用油、洗剤、シャンプーなどのプラスチック容器、乳白色や色つきのプラスチック容器、オイル成分を含むドレッシングや調味料のプラスチック容器
➡ペットマークがあっても**不燃ごみ**

※ごみ減量協力店でも回収しています。
◆中を水ですすいでください。
◆キャップをはずしてください。キャップは**不燃ごみ**
◆ラベルは、はがす必要はありません。（ごみ減量協力店に出す場合は店の指示に従ってください）
◆つぶしてお出しください。

■ Pansamantalang tapunan o collection site para sa mga basurang maaaring i-recycle

◆ May pansamantalang collection site na itinatakda kung saan maaaring dalhin ang mga bagay na maaaring i-recycle kapag hindi ito maaaring itapon sa sariling lugar.

Araw ng pagbukas: mula Lunes hanggang Biyernes (pati piyesta opisyal)

Oras ng pagtanggap: maaaring dalhin ang mga bagay mula 9:00 AM hanggang 11:30 AM, 1:00 PM hanggang 4:00 PM.

Pook: Noda City Recycling Project Cooperative Association
410-2 Nishi Sangao, siyudad ng Noda ☎ 04-7123-1513

◆Pakitingnan ang mapa upang alamin kung saan maaaring dalhin ang mga bagay na nais ipa-recycle.

* Pakigamit ang wikang Hapon kung nais kumunsulta. Kung hindi nakakapagsalita ng wikang Hapon, makiusap sa isang taong nakakapagsalita nito.

○ Mga bagay na maaaring dalhin sa pasilidad (tingnan ang pahina 7 hanggang pahina 11 para sa mga detalye.)

○ Mga bagay na dapat tandaan:

○ Ibukod ang bawat bagay ayon sa uri bago dalhin sa pasilidad.
○ Hindi maaaring dalhin ang mga bagay maliban sa itinakdang araw at oras.
○ Hindi tinatanggap ang mga basurang sinusunog / hindi sinusunog at malalaking basura.
○ Pakiuwi ang mga supot, kahon at iba pang lalagyan na ginamit sa pagdala ng mga bagay.

Pagdala sa maliliit na kasangkapang de-kuryente na ginagamit sa tahanan

○ Paraan ng pagdala: ang araw, oras at pook ay pareho sa pansamantalang collection site para sa mga bagay na maaaring i-recycle.

○ Mga bagay na hindi nasasakop

- Hindi kasali ang mga itinakdang kasangkapan o household devices (tulad ng TV, aircon, refrigerator, freezer, washing machine, clothes dryer).
- Malalaking household electrical appliances tulad ng upright electone, massage chair at iba pa → malalaking basura (tingnan ang pahina 5 para sa mga detalye ukol sa paraan ng pagtapon)

*Nasasakop sa pagkulekta ang personal computers.

Mga bagay na hindi maaaring pangasiwaan ng siyudad

■ Mga itinakdang kasangkapan o household devices (tulad ng TV, aircon, refrigerator, freezer, washing machine, clothes dryer)

Sundin ang sumusunod na mga pamamaraan para sa mga bagay na nasasakop sa Home Appliance Recycling Law tulad ng TV (Braun-CRT, LCD, Plasma), aircon, refrigerator, freezer, washing machine, clothes dryer na hindi maaaring pangasiwaan ng siyudad.

○ Kung papalitan ng bago:

Pakihiling sa retail store na bibilhan ng bagong produkto na kulektahin ang lumang kasangkapan.

○ Kung itatapon:

Pakihiling sa retail store na binilhan ng kasangkapan na kulektahin ito.

* Kapag ang retail store na binilhan ng kasangkapan ay nasa malayong lugar o di kaya'y nagsara na nang permanente, hilingin sa mga "tindahang kasapi sa pag-recycle ng mga household electrical appliances" ang pagkulekta sa nabanggit na mga bagay.
* May itinakdang singil sa pag-recycle ng household electric appliances ang bawat manufucturer, kaya kailangang kumunsulta muna sa bawat manufacturer.
* May itinakdang transport fee din ang bawat retail store, kaya kailangang kumunsulta muna sa bawat retail shop.

○ Kapag dadalhin mismo sa itinakdang disposal site

Sumangguni sa Home Appliance Recycling Coupon Center.
☎ 0120-319640

■資源物の臨時集積所

◆地域に出せない場合、臨時の集積所を設けていますので、持ち込むことができます。

開 設 日：月曜日から金曜日（祝日を含む）

搬入時間：午前9時から午前11時30分まで
午後１時から午後４時まで

搬入場所：野田市再資源化事業協同組合
野田市西三ケ尾410-2　☎04-7123-1513

◆搬入場所についてはMapを参照してください。
※お問い合わせは日本語でお願いします。日本語がわからない場合は話せる方にお願いしてください。

○搬入できるもの （詳細は、8頁～ 12頁を参照してください。）

○注意事項

- 種類ごとに分別して、搬入してください。
- 開設日、搬入時間以外は搬入することができません。
- 可燃ごみ・不燃ごみ・粗大ごみは、受付できません。
- 入れてきた袋、箱などは持ち帰ってください。

小型家電の持込回収

○持込方法：開設日、開設時間、場所は資源物の臨時集積所と同じです。

○対象にならないもの

- 特定家庭用機器（テレビ・エアコン・冷蔵庫・冷凍庫・洗濯機・衣類乾燥機）は除く。
- 直立式エレクトーン・マッサージチェア等の大型家電…粗大ごみ（処分方法の詳細は6頁）

※家庭用パソコンは対象になります。

市では処理できないもの

■特定家庭用機器（テレビ・エアコン・冷蔵庫・冷凍庫・洗濯機・衣類乾燥機）

家電リサイクル法の対象品目であるテレビ（ブラウン管・液晶・プラズマ）、エアコン、冷蔵庫、冷凍庫、洗濯機、衣類乾燥機は市では処理できませんので、下記の方法で処理してください。

○買い替えの場合

新たな製品を購入する小売店に、引き取りを依頼してください。



○廃棄する場合

購入した小売店に、引き取りを依頼してください。
※購入した小売店が遠方又は廃業している場合は、「家電リサイクル協力店」に引き取りを依頼してください。
※家電メーカーごとにリサイクル料金を設定していますので、各メーカーにお問い合わせください。
※別途運搬費用も小売業者が設定しますので、各小売店にお問い合わせください。

○自分で指定引取場所に持込

家電リサイクル券センターにお問い合わせください。
☎0120-319640

Mapanganib na basura mula sa tahanan

Dry cell battery, fluorescent tube, mercury thermometer, sphygmomanometer

◆**Dahil maaaring magdulot ng polusyon sa kapaligiran ang mercury, kinukulekta ito sa mga collection box na nakalagay sa itinakdang lugar loob ng siyudad.**



Lugar kung saan nakalagay ang mga collection box

Sanitation Plant, Recycling Center, City Hall (sa loob ng Mori no Hiroba), Minami / Kita Community Center, Keyaki-no Hall, Ichii-no Hall, Hokubu / Sekiyado Chuo / Sekiyado / Futakawa / Kimagase Community Hall, Nanakodai / Shima Hall

* Ang dry cell battery, fluorescent tube ay kinukulekta din sa mga tindahang kasapi ng kilusan sa pagbabawas ng basura.
* Huwag ilagay sa collection box kung nasa loob ito ng supot o kahon. Siguruhing tanggalin at iuwi sa bahay ang tinanggal na supot o kahon.
* Pakitapon ang LED light bulb, LED tube at incandescent bulb kabilang sa mga basurang hindi sinusunog.

Rechargeable battery (JBRC)

Ang rechargeable battery ay naglalaman ng mahahalagang materyal tulad ng nickel, cadmium at cobalt na kinakailangang kulektahin ng manufacturer para i-recycle sang-ayon sa batas.

◆Tanggalin ito sa device na ginamit, balutan ng tape ang metal terminal para sa insulation at ilagay sa collection box.

◆Upang alamin kung alin ang rechargeable batteries, hanapin ang "recycle mark", na may kombinasyon ng tatlong arrow marks na nasa clockwise rotation.

◆Pakilagay sa itinakdang collection box sa mga tindahang kasapi ng kilusan sa pagbabawas ng basura.

◆Kinukulekta din ito sa mga collection box na nakalagay sa counter ng Sanitation Planning Division sa ikalimang palapag ng City Hall, sa counter ng Sanitation Plant, at sa Recycle Center.



Button (Coin-type) battery

Ang coin battery ay kinukulekta din nang bukod sa ibang baterya.

◆Pakilagay ito sa itinakdang collection box na nakalagay sa mga tindahang kasapi ng kilusan sa pagbabawas ng basura.

* Para sa karagdagang impormasyon sa mga tindahang kasapi ng kilusan sa pagbabawas ng basura, mangyaring bisitahin ang website ng Noda City o "さんあ～る".

Libreng pagkulekta sa bawat tahanan para sa mga produktong gumagamit o naglalaman ng asbestos

Isinasagawa ang libreng pagkulekta sa bawat tahanan para sa mga houeshold items na gumagamit ng asbestos.

[Paano alamin kung ang kasangkapan ay gumagamit ng asbestos]

Upang kumpirmahin kung ang kasangkapan ay gumagamit ng asbestos, sumangguni nang direkta sa manufacturer ng produkto.

[Hindi nasasakop ang sumusunod na mga bagay]

Mga bagay na hindi maaaring pangasiwaan ng siyudad, tulad ng fire-proof safe, mga waste materials mula sa konstruksiyon, at iba pa

Mga bagay na sakop sa Home Appliance Recycling Law, tulad ng TV, air conditioner, refrigerator, freezer, washing machine, at clothes dryer

[Paggawa ng aplikasyon]

Isasagawa ang pagkulekta sa bawat tahanan (libre) pagkatapos gawin ang aplikasyon sa telepono. Pakilagay ang produkto sa isang transparent bag, idikit ang sticker na may nakasulat na "アスベスト (Asbestos)", at ilabas sa harapan ng gusali o bahay.

* Para sa mga bagay na hindi magkasya sa loob ng supot, idikit nang direkta sa produkto ang sticker na may nakasulat na "アスベスト" at ilabas sa harapan ng gusali o bahay.

[Aplikasyon para sa pagkulekta sa bawat tahanan]

Sanitation Management Division ☎04-7138-1001

[Introduksiyon ukol sa pook ng konsultasyon tungkol sa pinsalang dulot sa katawan, pamamaraan para sa paggiba ng gusali, at iba pa]

Property Management Division ☎04-7125-1111（Main）/ ☎04-7123-1075（Direkta）

家庭から出た有害ごみ

乾電池・蛍光管・水銀の体温計、血圧計

◆水銀による環境汚染の原因になりますので、市内に設置している回収箱で、回収しています。



回収箱設置場所

清掃工場、リサイクルセンター、市役所（杜のひろば内）、南･北コミュニティセンター、欅のホール、いちいのホール、北部・関宿中央・関宿・二川・木間ケ瀬公民館、七光台・島会館

※乾電池・蛍光管は、ごみ減量協力店でも回収しています。

※袋や箱に入れたまま回収箱に入れないでください。袋や箱は必ず持ち帰ってください。

※LED 電球・LED 管や白熱球は不燃ごみとしてお出しください。

充電式電池（JBRC）

充電式電池はニッケル、カドミウム、コバルトなどの貴重な資源を含んでいるため、メーカーが回収し、リサイクルすることが法律によって義務付けられています。

◆使用した機器から外して金属端子部分をテープで絶縁し、回収箱に入れてください。

◆充電式電池の見分け方としては、矢印マークを時計回りに三つ組み合わせた「リサイクルマーク」が目印です。

◆ごみ減量協力店に置かれている専用回収箱に入れてください。

◆市役所５階清掃計画課窓口、清掃工場窓口、リサイクルセンターにも回収ボックスを設置して、回収しています。

ボタン電池

ボタン電池も他の電池とは別に回収しています。

◆ごみ減量協力店に置かれている専用回収箱に入れてください。

※ごみ減量協力店は、野田市のホームページまたは「さんあ～る」で確認できます。

アスベスト使用製品の無料戸別収集

アスベストが使用されている家庭用品については、無料で戸別収集を行っています。

【アスベスト使用の確認方法】

アスベストの使用を確認するには、製造メーカーに直接お問い合わせください。

【次のものは対象にはなりません】

市では処理できない耐火金庫や建築廃材など

家電リサイクル法対象のテレビ、エアコン、冷蔵庫、冷凍庫、洗濯機、衣類乾燥機

【申し込み方法】

電話により申し込み後に、戸別収集（無料）します。製品は透明な袋に入れて、「アスベスト」と貼り紙をして、敷地内の玄関先などにお出しください。

※袋に入らないものは、製品に直接「アスベスト」と貼り紙をして、玄関先などにお出しください。

【戸別収集の申し込み先】

清掃管理課　☎ 04-7138-1001

【健康被害の相談先や建物の解体などの手続き先などのご紹介】

管財課　☎ 04-7125-1111（代表）　または　☎ 04-7123-1075（直通）

Gabay na mapa

* Pakigamit ang wikang Hapon para sa konsultasyon sa bawat pahina. Kung hindi nakakapagsalita ng wikang Hapon, makiusap sa isang taong nakakapagsalita nito.

●Recycle Center

331 Mefuki ☎ 04-7126-0405

●Sanitation Plant

(Sanitation Management Division)

356-1 Mitsubori ☎ 04-7138-1001 (Main Line)

●Recycling Project Cooperative Association

410-2 Nishi Sangao ☎ 04-7123-1513

Collection site o tapunan ng mga bagay na maaaring i-recycle at maliliit na household electronic devices para sa ikaapat na Linggo bawat buwan





● Mapa sa buong rehiyon